Pag aanyaya Para sa mga Pilipino



Ang Pagtitiis

— Sandata ng mga Mananampalataya

Ang Pagtitiis Sandata ng mga Mananampalataya

Lubhang kailangan natin ang pagtitiis, lalo na sa mga panahong ito kung kailan ang Islam ay tila naging higit na kakaiba kaysa dati. Dumami ang fitnah—mga pagsubok at kaguluhan—at ang taong mahigpit na kumakapit sa kanyang relihiyon ay naging tulad ng isang taong may hawak na nagbabagang uling sa kanyang kamay. Tunay na ang buhay na ito ay lugar ng pagsubok, samantalang ang Kabilang-Buhay ang tahanan ng gantimpala. Hindi makatatakas ang isang mananampalataya sa mga paghihirap ng mundong ito, sapagkat mayroon bang sinumang tao na hindi kailanman nakaranas ng hirap?

Kahulugan ng pagtitiis

Ang pagtitiis ay isang kapuri-puring katangian na pumipigil sa isang tao sa paggawa ng masama o hindi wastong gawain. Tinukoy ito ng ilang iskolar bilang pagpigil sa sarili mula sa kawalan ng pagtitiis, pagpigil sa dila mula sa pagrereklamo, at pagpigil sa mga bahagi ng katawan mula sa pagpapakita ng matinding dalamhati sa pamamagitan ng pagsampal sa mukha at pagpunit ng damit.

Kabutihan ng pagtitiis at ng mga matiisin

Pinagkalooban ng Allah, ang Kataas-taasan, ng natatanging biyaya ang mga nagtitiyaga. Sinabi Niya, na ang kahulugan ay:

{Ngunit magbigay ka ng magandang balita sa mga matiisin; yaong kapag dinapuan sila ng sakuna ay nagsasabi: 'Tunay na kami ay pag-aari ng Allah at tunay na sa Kanya kami babalik.' Sila ang mga tatanggap ng mga pagpapala at awa mula sa kanilang Panginoon, at sila ang mga tunay na napatnubayan.}
[Qur'an 2:155–157]

Si 'Umar ibn Al-Khattaab, nawa'y kalugdan siya ng Allah, ay nagsabi tungkol sa mga talatang ito:
"Napakaganda ng mga bagay na ito
[ang mga pagpapala at awa], at napakaganda ng karagdagang gantimpala [ang patnubay]!"
Sa isa pang bahagi, ipinangako ng Allah, na ang kahulugan ay:

{Tunay na ang mga matiisin ay bibigyan ng kanilang gantimpala nang walang pagtutuos.}
[Qur'an 39:10]

Marahil bahagi ng gantimpalang iyon ang pagiging kasama nila ng tulong at pangangalaga ng Allah, na nagpapatatag sa kanilang mga puso. Sinabi Niya, na ang kahulugan ay:
{At maging matiisin. Tunay na ang Allah ay kasama ng mga matiisin.}
[Qur'an 8:45]

Pinauunlad din ng Allah ang pananampalataya ng mga matiisin. Sinabi Niya, na ang kahulugan ay:
{At gumawa Kami mula sa kanila ng mga pinunong gumagabay ayon sa Aming utos nang sila ay nagtiis at nang sila ay may katiyakan sa Aming mga tanda.}
[Qur'an 32:24]

Ang taong matiisin ay hindi lamang nakakamit ang pagmamahal ng Allah, na nagsabi, na ang kahulugan ay:
{At minamahal ng Allah ang mga matiisin.}
[Qur'an 3:146];

nakakamit din niya ang Paraiso at kaligtasan mula sa Apoy. Sinabi Niya, na ang kahulugan ay:
{Tunay na ginantimpalaan Ko sila sa Araw na ito dahil sa kanilang matiyagang pagtitiis; sila ang mga nagtagumpay.}
[Qur'an 23:111]

Bukod dito, pinatatawad ng Allah ang mga kasalanan ng Kanyang alipin dahil sa mga sakunang dumarating sa kanya sa buhay.

Mga salita ng Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan) tungkol sa kabutihan ng pagtitiis

• Isinalaysay ni Abu Sa'eed Al-Khudri, nawa'y kalugdan siya ng Allah:

"Sinumang magsikap na maging matiisin, pagkakalooban siya ng Allah ng katangiang ito; at walang sinumang nabigyan ng biyayang mas mabuti o mas dakila kaysa sa pagtitiis."
[Al-Bukhari at Muslim]

• Isinalaysay ni Abu Hurayrah, nawa'y kalugdan siya ng Allah, na sinabi ng Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan):

"Sinusubok ng Allah ang sinumang nais Niyang pagkalooban ng kabutihan."
[Al-Bukhari at Maalik]

• Isinalaysay ni 'Aa'ishah, nawa'y kalugdan siya ng Allah, na sinabi ng Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan):

"Kapag ang isang mananampalataya ay tinamaan ng sakuna, o kahit matinik lamang, pinapawi ng Allah ang mga kasalanan dahil dito."
[Al-Bukhari at Muslim]

• Isinalaysay ni Abu Moosa, nawa'y kalugdan siya ng Allah, na sinabi ng Propeta(Sumakanya nawa ang kapayapaan):

"Kung ang isang alipin ng Allah ay dumanas ng karamdaman o paglalakbay [at siya ay matiisin], gagantimpalaan siya na para bang patuloy niyang ginagawa ang mabubuting gawa na ginagawa niya noong siya ay malusog o nasa tahanan."
[Al-Bukhari at Abu Daawood]

• Isinalaysay ni 'Ataa' ibn Abu Rabaah na tinanong siya ni Ibn 'Abbaas, nawa'y kalugdan siya ng Allah:
"Nais mo bang ipakita ko sa iyo ang isang babae mula sa mga tao ng Paraiso?" Sumagot siya, "Oo." Sinabi niya:
"Ang babaeng ito na maitim ang balat ay lumapit sa Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan) at nagsabi:

'Ako ay may epilepsy at kapag inaatake ako ay nalalantad ang aking katawan, kaya manalangin ka sa Allah para sa akin.' Sumagot ang Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan):
'Kung nais mo, magtiis ka at ang gantimpala mo ay Paraiso; o kung nais mo, mananalangin ako sa Allah na pagalingin ka.' Sinabi niya: 'Magtiis ako.' Pagkatapos ay idinagdag niya: 'Ngunit nalalantad ang aking katawan, kaya manalangin ka sa Allah na huwag itong mangyari.' Kaya nanalangin ang Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan) para sa kanya."
[Al-Bukhari at Muslim]

• Sa isa pang Hadeeth, isinalaysay ni Abu Hurayrah, nawa'y kalugdan siya ng Allah, na sinabi ng Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan) na sinabi ng Allah: "

Kapag sinubok Ko ang Aking alipin sa kanyang dalawang mahalagang bagay [ang kanyang dalawang mata] at siya ay matiisin, babayaran Ko siya para sa mga ito ng Paraiso."

[Al-Bukhari at At-Tirmithi]

• Isinalaysay ni Umm Salamah, nawa'y kalugdan siya ng Allah:

"Narinig ko ang Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan) na nagsabi: 'Kapag ang isang tao ay dumanas ng sakuna at nagsabi: Inna lillaahi wa inna ilayhi raaji'oon. Allahumma'jurni fi museebaty, wa-khluf li khairan minha (Kami ay pag-aari ng Allah at sa Kanya kami babalik. O Allah! Gantimpalaan Mo ako sa aking pagsubok, tumbasan Mo ang aking pagkawala at pagkalooban Mo ako ng mas mabuti bilang kapalit nito), tiyak na bibigyan siya ng Allah ng mas mabuting kapalit.'

" Nang mamatay si Abu Salamah, sinabi niya ang parehong panalangin na itinuro ng Propeta (Sumakanya nawa ang kapayapaan), at ipinagkaloob sa kanya ng Allah ang Sugo ng Allah Sumakanya nawa ang kapayapaan) bilang asawa.

Mga salita ng mga matuwid na naunang salinlahi

• Sinabi ni ‘Umar ibn Abdul-’Azeez:
“Kung kunin ng Allah ang alinman sa Kanyang mga biyaya mula sa Kanyang alipin at pagkatapos ay pagkalooban siya ng pagtitiis bilang kapalit, iyon ay magiging mas mabuti para sa kanya kaysa sa nawala sa kanya.”

• Sinabi ni Yoonus ibn Zayd:
“Tinanong ko si Rabee’ah ibn Abu ‘Abdur-Rahmaan:
‘Ano ang pinakamataas na antas ng pagtitiis?’ Sumagot siya: ‘ Kapag ang isang tao ay walang nakikitang pagkakaiba sa araw na tinamaan siya ng pagsubok at sa araw bago iyon.’”

• Nagkomento si Al-Fudhayl ibn ‘Iyaadh sa Qur’an 13:24 na ang tinutukoy ay yaong mga matiisin sa pagsunod sa mga utos ng Allah at sa pagpigil sa kanilang sarili mula sa Kanyang mga ipinagbabawal.

• Sinabi rin:
“Ang pagtitiis ang lunas kapag wala nang ibang solusyon.”

• Sinabi ni Abu Ad-Dardaa’, nawa’y kalugdan siya ng Allah:
“Kapag nagtakda ang Allah ng isang bagay, nais Niya na ang Kanyang mga alipin ay masiyahan dito.”

• Sinabi ni Raabi'ah:
"Ang mga malalapit sa Allah ay hindi kailanman hindi nasisiyahan sa Kanyang pasya."

• Sinabi ni Al-Hasan:
"Ang sinumang nasisiyahan sa itinakda ng Allah para sa kanya ay makikitang sapat iyon at pagpapalain siya ng Allah dito.
Ngunit ang sinumang hindi nasisiyahan, walang magiging sapat para sa kanya at hindi ilalagay ng Allah ang pagpapala rito para sa kanya."

• Iniuugnay sa ilang matuwid na naunang salinlahi ang sinabi nilang:
"Ang sinumang hindi nasisiyahan sa banal na itinakda ay may kamangmangang walang lunas."

Mga paraan upang palakasin ang katangian ng pagtitiis

1. Pagnilayan ang mga talata ng Qur'an at mga Hadeeth na tumutukoy sa kabutihan ng pagtitiis.
2. Magkaroon ng matibay na paniniwala na walang nangyayari maliban sa kalooban at itinakda ng Allah, ang Kataas-taasan.
3. Alalahanin ang malalaking biyayang ipinagkaloob sa atin ng Allah.
4. Unawain na ang kawalan ng pagtitiis ay hindi nakapipigil sa sakuna.
5. Alalahanin ang gantimpala ng Allah para sa mga nagtitiyaga.
6. Kilalanin na ang pinipili ng Allah para sa atin ay higit na mabuti kaysa sa sarili nating kagustuhan para sa ating sarili.
7. Alalahanin ang mga pagsubok ng mga Propeta at ng mga matuwid na tao, na kabilang sa mga pinakamatinding sinubok sa sangkatauhan.
8. Maging tiyak na ang mahihirap na panahon ay lilipas din.
9. Basahin ang mga talambuhay ng mga banal at matuwid at pagmasdan ang kanilang pinagpalang mga halimbawa ng pagtitiis upang gawin silang huwaran.

Hinihiling natin sa Allah, ang Kataas-taasan, na ibilang tayo sa mga matuwid na tao.

PHILIPPINES

WWW.filipino.midadedev.com

جمعية طريق الحرير للتواصل الحضاري

مركـــز دعـــوة الفلبييـــن

الريـــاض ـ حي الريـــان

جوال 966534114444+ الهاتف 966112270607+

مصرف الراجحي SA1880000204608015540549

Pag aanyaya Para sa mga Pilipino